（タガログ語）
り災証明書の取得

**Ang pagkuha ng *Risai Shomeisho* (Sertipokong nagpapatunay ay kayo ay biktima ng sakuna)**

Ang mga biktima ng sakuna na tulad ng mga nasiraan ng bahay ay kinakailangang magkaroon at magpakita ng ilang mga dokumento/sertipikasyon para makamit ang mga serbisyong nagbibigay suporta sa mga biktima. Karamihan sa mga serbisyong ito ay kailangan magbigay ng *Risai Shomeisho* (Sertipokong nagpapatunay ay kayo ay biktima ng sakuna).

○ Ang *Risai Shomeisho* (Sertipokong nagpapatunay ay kayo ay biktima ng sakuna)

・Isang dokumento na nagpapatunay ng antas ng pagkapinsala ng bahay.
・Kailangan ng masuring iｍｂestigasyon o pagsusuri ng mga kinauukulan para malaman ang antas ng pinsala at kailangan maghintay ng kaunting panahon bago makuha ang sertipikong ito.
・Ang mga sumusunod ay mga serbisyo na kinakailangang ibigay ang *Risai Shomeisho.*
*Hisaisha Seikatsu Saiken Shienkin* (Natural Disaster Victims Relief Aid), *Gienkin* (Public Donation), exemption ng hulog sa National Health Insurance, *Saigai Fukkou Jyutaku Yushi* (Disaster Restoration Housing Loan), ang serbisyo para sa pansamantalang pag-ayos ng bahay, para sa pagpasok sa temporaryong pabahay o public housing, para sa pagtanggap ng mga aklat na libre, atbp.

Nagkaka-iba ang kailangang mga papeles para sa aplikasyon ng *Risai Shomeisho*, paraan ng imbestigasyon at panahon ng pagbibigay ng sertipiko, batay sa munisipalidad. Para sa karagdagan impormasyon, magtanong lamang sa munisipyo.